
Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**

EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5

Pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang 'Aprub Ka Egay Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Services Caravan'* na idinaos sa mga bayan ng Paracale, Vinzons at Talisay kung saan nagkaroon ng karagdagang mahigit 3,109-katao na nabigyan ng serbisyo-medikal, at iba pa.

Sa kabila ng kapiyestahan sa bayan ng Labo noong Mayo 6 kung saan nakatira ang butihing gobernador, binigyang-prayoridad niya ang paghahatid ng iba't-ibang serbisyo sa mahihirap nating mga kababayan sa Paracale. Ang mga benepisyaryo nito ay ang mga residente mula sa mga barangay ng Casalugan, Macolabo, Malaguit, Palanas, Poblacion Sur, Tawig, Tugos at sa Poblacion Norte na siyang pinagdausan ng *caravan.*

Umabot sa 975 katao

(Sundan sa pahina 4)

# Mahigit 3,109-katao nabigyan ng serbisyong-medikal, atbp. sa 'caravan' sa Paracale, Vinzons at Talisay

1

3

5


*Ang iba't-ibang eksena sa isinagawang Multi-Services Caravan sa mga bayan ng Vinzons, Talisay at Paracale na pinangunahan nina Gob. Egay A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel katuwang ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na naghatid ng mga serbisyo tulad ng: (1) Dialogue with Brgy. Officials-Paracale:; Talisay: (2) medical check-up; (3) pamamahagi ng palay seeds, at (4) pamamahagi ng tilapia fingerlings; at sa Vinzons: (5) pamamahagi ng tree seedlings, at (6) cooking demo gamit ang mga recipes sa isda at iba pang serbisyo ng pamahalaang panlalawigan.*

2

4



# Jobs fair, mobile NBI clearancing isinagawa

Ang makapagbigay ng oportunidad sa trabaho ang isa sa mga prayoridad na programa ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. Isinusulong ito ng gobernador sa pamamagitan ng patuloy na pagtataguyod ng mga *jobs fair/job recruitment activities.*

Matatandaan na sa idinaos na *Jobs Fair* kamakailan sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)*, 2,245 bakanteng trabaho ang naghihintay para sa ating mga kababayan. Sa nasabing bilang ng mga trabaho, 1,987 ay para sa ibayong-dagat, at 258 naman para sa lokal na trabaho.

Sa kabila ng pagpapakalat ng impormasyon ukol dito, umabot lamang sa 632 ang mga aplikanteng nagparehistro. Sa nabanggit na bilang, 18 aplikante ang agad natanggap sa trabaho *(hired on-the-spot)*, at 405 ang kwalipikado para sa

(Sundan sa pahina 3)



*Ang isinagawang Jobs Fair at NBI Clearance processing sa CN Agro Sports Center na nilahukan ng mga iba't-ibang recruitment agencies at ahensiya ng pamahalaan.*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 4-H Camarines Norte nanalo sa mga kumpetisyon sa National 4-H Convention sa Davao City

Idinaos noong Mayo 17-20, 2011 sa Eden *Nature Park and Resort* sa Davao City ang *National 4-H Convention* ngayong taon sa ilalim ng temang, *"4-H'ers Working Together Towards Food Security and Self-Sufficiency"*. Taun-taon itong itinataguyod ng *Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI)* sa layuning mahubog ang mga kabataan bilang aktibong mga katuwang sa pagpapaunlad ng sektor ng agrikultura, mapaunlad ang kanilang kakayahan bilang mga lider at makuha ang kanilang kooperasyon para matugunan ang pangangailangan ng bansa na magkaroon ng tiyak at sapat na suplay ng pagkain.

Ang naging kinatawan ng Camarines Norte sa nasabing pagtitipon ay sina Irene Olivar mula sa *Office of the Provincial Agriculturist (OPag)* na nakatalagang *provincial farm youth coordinator*; Gng. Fe de Mesa, *municipal farm youth coordinator*; mula sa *Municipal Agriculture Office* ng *LGU*-Labo, at G. Allan Vega, *4-H National President*. Kasama nilang dumalo sa kombensyon ang tatlo pang kabataan na siyang magiging kalahok *(contestant)* ng lalawigan sa mga patimpalak na isasagawa sa naturang okasyon.

Isa sa mga mahahalagang aktibidad dito ay ang pag-displey sa mga produktong gawa ng mga *4-H'ers* mula sa iba't-ibang panig ng bansa. Ang nagwagi bilang *outstanding farmer* at *farmer organization* para sa taong 2010 ay nagbahagi ng kanilang *success stories* para makapagbigay-inspirasyon sa kanilang mga kasamahan. Ito rin ay tinampukan ng *international travel reports* sa *Asean countries* at iba't-ibang patimpalak para sa mga kabataan. Isinagawa rin dito ang pagtalakay sa paksang *How to be a Good Leader, team building* at pagbibigay-

(Sundan sa pahina 7)




***Ang mga delegado ng Bicol 4-H Club na nakilahok sa National 4-H Convention na idinaos sa Eden Nature Park & Resort, Toril District, Toril Davao City noong Mayo 17-20, 2011.***



***Nakuha ni Ariel Taniegra ng Cam. Norte 4-H ang ika-apat na puwesto sa Livestock Cooking Demonstration (Chevon) na niluto ang Cabreto con Piña.***



***Tinanghal na kampeon ang delegado ng Cam. Norte 4-H na si Brenda Almaida sa kumpetisyon para sa kategoryang Handicraft Rise-Based.***

# Mga batas, wastong pangangalaga sa kagubatan at likas-yaman itinuro sa 25 WEO volunteers



Isang *training-workshop* tungkol sa *Forest and Wildlife Protection and Law Enforcement* para sa mga bagong hirang na *wildlife enforcement officers (WEOs)* ang idinaos sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo Camarines Norte kamakailan. Ito ay dinaluhan ng may 25 kalalakihan kung saan 17 ang nagmula sa Brgy. Tulay na Lupa at 8 naman mula sa Brgy. Baay.

Ang *seminar-workshop* ay sinimulan sa pamamagitan ng isang simpleng programa. Pagkatapos ng pagtanggap na pananalita ni Punong Barangay Alex R. Zenarosa, nagbigay ng mensahe si *Supervising Environmental Management Specialist Engr.* Leopoldo P. Badiola, hepe ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division – Office of the Governor (EERMD –G.O.)*. Ipinaabot dito ni *Engr.* Badiola ang kanyang lubos na pagpapasalamat sa mga dumalo partikular na sa mga taga-Brgy. Baay na dumating kahit hindi pa naman sila kasama sa nasabing *training-workshop*. Sinabi ni *Engr.* Badiola na kapaki-pakinabang ang pagdalo ng mga taga Brgy. Baay sapagkat maraming bagay silang malalaman tungkol sa wastong pangangalaga ng ating mga kagubatan. Tinanong din ni Engr. Badiola ang mga dumalo na kung sakaling wala na silang tatanggaping *allowance*, nakahanda pa rin kaya silang maglingkod at tuparin ang kanilang tungkulin bilang mga *volunteer WEOs* na siyang mangangalaga sa *Abasig-Matogdon-Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)*.

Matapos maipaliwanag ang balangkas *(overview)* ng *seminar-workshop*, ang mga panayam ay kaagad sinimulan ng mga panauhing tagapagsalita mula sa *Department of Environment and Natural Resources (DENR)*, *Region 5*, Legaspi *City*. Ito ay kinabibilangan nina Mr. Juan Belardo na tinalakay ang paksang *Protected Area and Cave Management*; Ms. Myrna Baylon-*Biodiversity Conservation* at *Republic Act 9147 (Wildlife Resources Conservation Act)*, at ang *Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora* na ipinaliliwanag naman ni Ms. Melita Gallego.

Idinaos ang nasabing pagsasanay sa layuning ang mga dumalo ay magkaroon ng mga kaalaman tungkol sa mga umiiral na batas at alituntunin kaugnay sa pangangalaga sa natitira pa nating kagubatan at mga bagay na matatagpuan dito tulad ng iba't-ibang halamang-gubat at buhay-ilang. Kabilang din sa layunin nito na ang mga dumalo ay magkaroon ng kasanayan at napapanahong pamamaraan sa pagsasampa ng kaso laban sa sinumang mahuhuling nagnanakaw o sumisira sa mga natitira pa nating likas-yaman sa kabundukan.

Ang nasabing *training-workshop* ay magkatuwang na itinaguyod ng lokal na tanggapan ng *DENR* dito sa Daet at ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *EERMD-GO*. Sinuportahan naman ito ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sapagkat isa sa prayoridad ng kanyang administrasyon ay mapanatili ang mga likas-yaman ng lalawigan at mapangalagaan ito laban sa mga nang-aabuso sa kalikasan gaya ng mga iligal na pamumutol ng mga punungkahoy, pagkakaingin, at iba pa. ***(GCB)***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# FOURmula ONE for Health ng DOH sinusuportahan ni Gob. Tallado

Aktibong sinusuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *FOURmula ONE for Health (F1)*, ang balangkas ng implementasyon para sa mga repormang pangkalusugan ng *Department of Health (DOH).*

Naniniwala ang gobernador na nakasalalay sa malusog na mamamayan ang kaunlaran ng bansa. Sinabi nito na ang mga serbisyo-medikal at pangkalusugan ay dapat ibigay ng pamahalaan sa mga mamamayan lalo na sa mga mahihirap na halos hindi makapagpagamot kaya hindi makapagtrabaho at mas nagiging pasanin ng pamahalaan.

Dahil dito, si Gob. Tallado ay lumagda sa isang *memorandum of agreement (MOA)* sa *DOH Center for Health Development (DOH CHD) -Bicol* na kinatawan ni Dr. Nestor F. Santiago, Jr., *MD, MPHC, MHSA, CESO III*, kaugnay sa pagpapatupad ng *F1* dito sa probinsya ng Camarines Norte.

Layunin ng F1 na maisagawa ang mga kritikal na reporma at matamo ang mas maayos na resultang pangkalusugan *(attain better health outcomes)*, mas tumutugong sistemang pangkalusugan *(more responsive health systems)*, at matwid/ karampatang paggugol sa pamamagitan ng pag-aksyon sa 4 na kritikal na bahagi: *Health Care Financing*, *Health Regulations*, *Health Service Delivery* at *Good Governance for Health*.

Sa ilalim ng naturang kasunduan, ang *CHD* ay maglalaan ng halagang P600.00 para sa *health insurance coverage* ng bawat pamilyang kasama sa *National Household Targeting System for Poverty Reduction (NHTS-PR) List* na isusumite ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* sa *National Health Insurance Program (NHIP)* na maaaring tasahin *(assess)* ng pamahalaang panlalawigan. Ibibigay ng *CHD Bicol* sa pamahalaang panlalawigan ang kinakailangang pondo na idedeposito naman nito sa ilalim ng *trust fund* para sa naturang programa na gugugulin nito alinsunod sa *government accounting and auditing rules and regulations.*

Batay sa *NHTS lists* ng *DSWD*, may 5,884 mahihirap na pamilya dito sa Camarines Norte ang nakasama sa programa na may katumbas na halaga ng pondo na P3,530,400.00. Ang *Philhealth cards* ng mga benepisyaryo ay may bisa simula Oktubre 1, 2010 hanggang Setyembre 30, 2011.

Matatandaan na sa unang bahagi ng kasalukuyang taon, 276 pamilya pa ang napasama sa *DSWD NHTS lists* sa ilalim ng naturang *PhilHealth Sponsored Program* na may bisa simula Enero 1, 2011 – Disyembre 31, 2011. Kasunod nito, ipinalabas ng *CHD Bicol* ang karagdagang pondo na P165,600.00.

Bilang karagdagan, ang naturang programa ay susog sa *National Health Insurance Act of 1995 (Republic Act No. 7875, as amended by Republic Act No. 9241).* Ipinag-uutos ng naturang batas na ipatupad sa buong bansa ang *universal health insurance coverage* bilang isang paraan upang mabigyan ng *financial risk protection* ang lahat ng Pilipino lalo na ang mga mahihirap.

Para maging makabuluhan ang *insurance coverage,* ang mga pamilya ay hindi lamang basta nakasama sa listahan ng mga benepisyaryo ng *National Health Insurance Program*. Kailangang tiyakin na matatamasa nila ang mga benepisyong nakapaloob dito sa pamamagitan ng pagpapabatid sa bawat pamilya ng kanilang mga karapatan at responsibilidad. ***LT IBASCO***

## Jobs fair ...

*(Mula sa pahina 1)*

iba't-ibang posisyon at para sa kinakailangang interbyu.

Kasabay nito, isinagawa rin dito ang *Mobile Processing* ng *NBI Clearance* kung saan maraming kababayan natin ang kumuha ng *NBI Clearance.* Sinamantala nila ang pagkakataon para makakuha ng nasabing dokumento na mahalaga para sa paghahanap ng trabaho, pagkuha ng lisensya at pasaporte, at iba pa. Dahil dito, nakatipid sila sa oras at pera dahil hindi na sila pupunta pa sa *NBI Legaspi District Office*, *Legaspi City*, Albay.

Isinagawa ng pamahalaang panlalawigan ang naturang mga gawain sa pamamagitan ng *Public Employment Office (PESO)* na nasa ilalim ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO).* Ang pakikipag-ugnayan sa mga kinauukulang opisyal at tanggapan ay pinangasiwaan ni *Statistician III* Nida N. Tosoc ng PPDO na siyang nakatalaga bilang *PESO Provincial Manager* dito. ***LTI***

# Ilang grupo tumanggap ng tulong-pinansyal mula sa pamahalaang panlalawigan

Sa bisa ng Resolusyon Blg. 153-2011 na pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan noong Mayo 24, pinagkalooban ng pamahalaang panlalawigan ng tulong-pinansyal ang ilang organisasyon dito sa Camarines Norte. Nilagdaan naman ito ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado noong Mayo 31, 2011.

Partikular na ginamit na batayan dito ng Sanggunian ay ang Seksyon 36 ng *Local Government Code of 1991* na nagsasabi na ang isang pamahalaang lokal sa pamamagitan ng punong ehekutibo nito at sa pagpayag dito ng kaukulang Sanggunian, ay maaaring magbigay ng tulong - pinansyal man o hindi, sa *people's* o *non-governmental organizations* para sa mga proyektong pang-ekonomiko, panlipunan, pangkalikasan o pang-kultural na ipatutupad sa teritoryal na hurisdiksyon nito.

Tumanggap ng tulong -pinansyal na P7,300.00 ang *Association of Comelec Employees Camarines Norte (ACE-CN)* na kinatawan ng kanilang presidente na si *Election Officer II* Eden H. Culvera ng Basud. Ang nasabing halaga ay nakalaan para sa pagbili nila ng 20 piraso ng mga plastik na upuan *(plastic chairs)*.

Ang P50,000.00 naman para sa pagpapaayos *(renovation)* ng *senior citizens building* sa bayan ng San Lorenzo Ruiz ay ipinagkaloob sa Sangguniang Bayan ng San Lorenzo Ruiz na kinatawan ni *Vice Mayor* Medina C. Villareal.

Ipinagkaloob naman ang P150,000.00 sa Sangguniang Bayan ng Mercedes na kinatawan ni *Vice Mayor* Norman D. Aguilar. Gugugulin nila ang naturang halaga para sa proyekto nilang konstruksyon ng *pathway canopy*.

Ang mga ipinagkaloob na tulong-pinansyal sa mga nabanggit na grupo ay pinunduhan mula sa *Grants and Donations* ng pamahalaang panlalawigan. ***LT IBASCO***

# Sahod ng mga job order workers tataas ng P35/araw simula Hunyo 1

Ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin ay nararanasan sa iba't-ibang panig ng bansa kung saan halos hindi matugunan ng mga mamamayan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Ganito rin ang sitwasyon ng ilan nating kababayan dito sa Camarines Norte.

Dahil dito, nagkasundo ang sangay ng ehekutibo at lehislatura ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na bumuo ng isang makabuluhang aksyon para agarang mabigyan ng tulong-pinansyal ang mga *job order (JO) workers* dito. Ito ay sa pamamagitan ng pagtataas sa sahod ng mga *JO workers* sa P250.00 kada araw mula sa dating P215.00 sweldo bawat araw o karagdagang P35.00 bawat araw.

Kaugnay nito, sa loob ng ika-43 na regular na sesyon nito noong Mayo 24, ipinasa ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 155-2011 na iniakda ni Bokal Ruth F. Herrera. Pinagtibay ng nasabing resolusyon ang Panlalawigang Ordinansa Blg. 22-2011 na nagtataas sa arawang sahod ng mga *JO workers* ng pamahalaang panlalawigan sa halagang P250.00 simula Hunyo 1, 2011.

Inaasahan na agarang lalagdaan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang naturang resolusyon sapagkat isa sa mga prayoridad ng gobernador ay maiangat ang antas ng kabuhayan ng kanyang mga mahihirap na kababayan.

Samantala, nagkakaisang isinulong ng mga opisyal ng pamahalaang panlalawigan ang naturang inisyatibo sa layuning mapabuti ang antas ng pamumuhay ng mga *JO workers* na ang arawang sahod ay hindi tumaas na nakalipas na halos isang dekada. Inaasahan na sa pamamagitan nito ay maiibsan kahit papaano ang kanilang problemang-pinansyal at mabigyang-inspirasyon sila upang mas pagbutihin ang kanilang pagtatrabaho at aktibo silang makatulong sa pagpapatupad ng mga inisyatibo para sa kapakanan ng buong lalawigan. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# E D I T O R Y A L

## Likas na yaman sa kabundukan dapat gamitin sa tamang paraan

Karaniwan nang nakikita kung gaano karaming kumpiskadong mga tablon at troso ang nakaimbak sa mga *compound* ng mga nakakumpiskang mga tanggapan. Unang masid pa lamang ay maglalaro na sa imahinasyon ang dati'y matatayog at naglalakihang punong kahoy na walang pangiming naging biktima ng *chainsaw* ng mga ilegalista.

Ang mga tablon ay nakasalansan habang pinag-iisipan ng mga awtoridad ang tamang paggamit sa mga ito. Isa sa mga balak ay gamitin ang ilan bilang kahon para sa mga namayapa. Ang iba naman ay para gawing silya at mesa ito para sa mga paaralan, at marami pang mga panukala ang pinag-iisipan upang hindi masayang ang mga kahoy na nabanggit.

Napakarami pang tablon at troso na naiwan sa gubat. Ito ay sa dahilang walang sapat na sasakyan ang pamahalaang probinsyal upang mahakot agad ang mga ito. Malamang sa hindi, marami sa mga kahoy ang masasayang, mabubulok sanhi ng pagkabilad ng mga ito sa elemento. Diyan makikita natin na kung walang maayos na sistema ay nasasayang lamang ang ating likas na yaman. Kung legal ang sistema, ang buong puno ay mapakikinabangan. Ultimo dahon at ugat ay magagamit sa kabutihan. Dahil lihim at patago, ang mga dahon ng puno na maaaring gamiting medisina ay natutuyo na lamang at nabubulok. Ang mga ugat at sanga ay iniiwan na rin upang masayang. Ang mga balat ng ibang puno ay may paggagamitan din, ngunit lahat ng mga yun ay iniwan ng mga kumakaripas na ilegalista.

Sayang talaga, kaya't tayo ay kumilos. Hindi masama ang gamitin ang punong kahoy para pakinabangan ng tao, ngunit dapat ay rasonable ang paggamit at hindi para sa kasakiman. Ganito ang pananaw ni Gob. Egay Tallado...pangalagaan ang puno at kagubatan upang masilayan ng mga darating pang henerasyon, at upang magamit ang mga ito sa tamang paraan.

Tulad din ng pangingisda at pagmimina, dapat ay tama at may maayos na sistema sa paggamit upang likas na yaman mapakinabangan habang panahon.

# Mahigit 3,109-katao...

*Ang ilan lang sa iba't-ibang mga serbisyo na hatid ng Provincial Multi-Services Caravan sa mga bayan ng Vinzons, Talisay at Paracale tulad ng libreng gamot, libreng konsulta at salamin sa mata, at libreng bunot ng ngipin.*




*(Mula sa pahina 1)*

ang nabigyan ng libreng tsek-ap, gamot at/o bitamina habang 157 ang nabunutan ng ngipin, at 89 ang natulian sa pagtutulungan ng mga doktor, narses at iba pang kawani ng *Provincial Health Office (PHO).* Ipinamigay rito ang may 58 pirasong pantanim na punongkahoy at 83 maliit na plastik ng pantanim na mga butong-gulay. Umabot sa 29 katao ang naserbisyuhan ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)* habang 7 naman ang nabigyan ng *tilapia fingerlings* ng *Fisheries Division* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg).* Isinagawa rin ng *OPAg* ang *cooking demo on fish recipes* para sa mga residente na nais magkaroon ng alternatibong hanapbuhay.

Ang P1,000.00 *mandatory cash assistance* para sa mga barangay ay ipinagkaloob din ng *Provincial Treasurer's Office (PTO)* sa mga kinauukulang punong barangay o kanilang awtorisadong kinatawan samantalang ang *Provl. Assessor's Office (PAssO)* naman ay namigay ng libreng *assessment roll* ng mga pag-aaring di-natitinag sa 8 benepisyaryong barangay. Nabigyan ng libreng gupit ang may 175 katao, at 240 indibidwal ang napagkalooban ng libreng *hot oil.*

Nagkaroon din ng oryentasyon ukol sa *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)*, Katarungang Pambarangay, at mga batas na nagbibigay-proteksyon sa mga kabataan at kababaehan tulad ng *RAs* 9208, 9231, 9262, 7610 at 9344. Namigay rin ng mga babasahin ukol sa mga proyekto at programang ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan at ng pamahalaang nasyonal man.

Sa isinagawa namang *'caravan'* sa *Calaguas Islands* noong Mayo 12-14, 2011, iba't-ibang serbisyo ang libreng ipinagkaloob ng grupo ni Gob. Tallado. Umabot sa148 katao ang nabigyan ng *hot oil treatment*; nagupitan ng buhok-181; nagpatina ng buhok-71; nabigyan ng lugaw-697; tsek-ap, gamot at bitamina-1,056, at nabunutan ng ngipin-189. Ipinamigay rin dito ang *mandatory cash* assistance s para sa mga barangay ng Banocboc, Pinagtigasan, at sa Calaguas na pinagdausan ng *caravan*. Naipamahagi rin dito ang may 71 punungkahoy; 100 pantanim na bungangkahoy; 94 maliliit na pakete ng mga pantanim na buto ng gulay, at 47 na naserbisyuhan ng ProVet. Nagkaroon dito ng *cooking demo on fish recipes* na dinaluhan ng 84-katao.

Kasunod nito, ang *'caravan'* ay dinala naman ni Gob. Tallado sa Talisay noong Mayo 19 kung saan 1,078 katao ang nabigyan ng libreng tsek-ap at libreng gamot at bitamina; 123 kalalakehan ang natulian habang 192 ang nabigyan ng libreng bunot ng ngipin. Ang mga benepisyaryo rito ay ang mga residente mula sa mga barangay ng Caawigan, Cahabaan, Calintaan, Gabon, Itomang, San Isidro, Sta. Cruz at ang Poblacion kung saan idinaos ang *caravan*.

Tumanggap sila ng iba pang serbisyo na inihandog ng grupo ni Gob. Tallado katulad ng mga sumusunod: *hot oil*-252; gupit ng buhok-193; pagtina ng buhok-41; lugaw-500; punongkahoy-52; pantanim na buto ng gulay-103; *tilapia fingerlings*-16; *cooking demo on fish recipes*-43; gamot sa mga hayop-31; *mandatory cash assistance*-4; *updated tax declarations*-9, at *IEC materials* (Katarungang Pambarangay, Human Trafficking)-121. ***LT IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# Makukulay na 'festivals' sa Camarines Norte

**Unang bahagi**

Sa buwan ng Mayo nagaganap ang pinakamarami, pinakamalalaki at pinakaengrandeng mga selebrasyon at kapiyestahan *(festivals)*. Subali't halos sa buong taon ay nagkakaroon ng mga kapiyestahan *(festivals)* saan mang lugar sa bansa kasama na ang lalawigan ng Camarines Norte. Ang karaniwang sentro ng atraksyon dito ay ang mga katangi-tanging kaugalian, kultura at tradisyon nating mga Pilipino.

Sa pamamagitan ng *Bantayog Festival*, ipinapakita ng 12 bayan dito ang kani-kaniyang *festival* na naglalarawan ng kanilang makulay na kultura at tradisyon na angat sa iba, ika nga, gaya ng mga sumusunod:

**PABIRIK FESTIVAL (Paracale)**

Ang Paracale *Festival* ay tinawag na Pabirik *Festival*, hango sa mahalagang kagamitan ng mga taga-Paracale sa kanilang pangunahing hanapbuhay – ang pagkakabod.

Ang pabirik ay gawa sa matigas at matibay na kahoy, hugis bilog, makinis at may tila pusod sa gitna. Dito inilalagay ang pininong mga bato na nilahukan ng asoge na siyang kapitan ng ginto. Sa pamamagitan ng maingat at patuloy na pag-ikot habang nakababad sa tubig, pumupunta sa tila pusod sa gitna ang asoge na naglalaman ng mga butil ng ginto. Ang asoge ay pipigain, at ang matigas na bahagi ay lulutuin sa apoy hanggang lumabas ang lantay ng ginto.

Kung ihahambing, ang Pabirik at ang Paracale Festival ay akmang-akma sa bawat isa.

Ang matibay at matigas na kahoy ng isang pabirik ay naglalarawan sa katatagan ng *festival* lalo na ng mga taong nasa likod nito na patuloy na nagsisikap upang maabot ang kanilang mga layunin sa kabila ng mga balakid at pagsubok.

Ang tila pusod at makinis na pagkakagawa ng pabirik ay sumasalamin naman sa malinis at tapat na hangarin ng mga taga-Paracale na makapagpasaya at maging makulay ang pagdiriwang.

Hindi lahat ng taga-Paracale ay marunong gumamit ng pabirik. Kailangang may kasanayan at kahusayan sa paghawak ang gumagamit nito upang maipon ang butil ng ginto at hindi matapon. Katulad ng pagdaraos ng Paracale Festival, kailangan ang kasanayan o *expertise* ng mangangasiwa nito gayundin ang tiwala at kooperasyon ng mga mamamayan.

Sa pangkalahatan, ang pabirik ay magiging simbolo ng malinis at wagas, matibay at matatag, at walang katapusang pagkakaisa ng pamahalaan at mamamayan ng bayan ng Paracale.

*(May karugtong sa sunod na sipi)*

# Showcase of Talents isinagawa sa pagtatapos ng Summer Workshop 2011







Sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)* at sa pakikipagtulungan ng grupo ng mga mag-aaral sa *Theater Arts* mula sa *Bicol University (College of Arts and Letters)*, maayos na naisagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang *Showcase of Talents* noong ika-13 ng Mayo 2011 sa ganap na ika-2:00 ng hapon sa *Camarines Norte Agro Sports Center*, Daet. Ito ang nagsilbing pangwakas na gawain sa *Summer Workshop 2011* na idinaos simula Abril 4 hanggang Mayo 12, 2011.

Sa naturang presentasyon, ipinakita sa publiko ang pintang-larawan ng may 81 kabataang sumali sa *acrylic and oil painting workshop*, at 99 na nagsanay sa *charcoal painting*. Nasaksihan din dito ang ilang katutubong sayaw na natutunan ng may 89 kabataan na sumailalim sa pagsasanay ukol sa mga katutubong sayaw *(folk dances)*. Sa pamamagitan ng ilang dula, ipinakita ng may 137 mga kabataan na kalahok sa *theater arts* ang

(Sundan sa pahina 7)









PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 2011 Search for Child-Friendly Barangay nagsimula na

Sa pamamagitan ng *Provincial Search Committee (PSC)* ng 2011 *Search for Child-Friendly Barangay (CFB)*, ipinaalam ng pamahalaang panlalawigan sa pamunuan ng 12 bayan dito na bukas na ang pagtanggap ng aplikasyon para sa mga nais sumali sa naturang taun-taong patimpalak.

Mula sa premyong P60,000.00, P100,000.00 na ang maaaring mapanalunan ng tatanghaling *most child-friendly* barangay ngayong taon. Ang makakauha naman ng ikalawang puwesto ay tatanggap ng P50,000.00 gantimpalang salapi; ikatlong puwesto – P30,000.00; ika-apat na puwesto – P20,000.00, at ikalimang puwesto – P10,000.00. Sila rin ay tatanggap ng mga kaukulang plake ng komendasyon at/o pagkilala. Pagkakalooban naman ng P5,000.00 insentibong salapi at katibayan ng pagkilala ang mga kalahok na barangay na hindi papalaring manalo.

Ang mga pabuyang salapi na mapapanalunan ay ilalagay sa *trust fund* ng mga kaukulang barangay na siya nilang gagamitin para punduhan ang mga kongkretong proyekto para sa mga kabataan.

Kaugnay nito, ang *organizational meeting* ng *PSC* ay idinaos noong Mayo 17. Kinabukasan, Mayo 18, idinaos naman nila ang *consultation meeting* kasama ang mga pangunahing miyembro ng mga kaukulang *Municipal Technical Working Group/Municipal Council for the Welfare of Children (MTWG/MCWC)* tulad ng *municipal planning and development coordinator (MPDC), municipal social welfare and development officer (MSWDO)* at *municipal health officers (MHOs)*.

Para sa mga barangay na interesadong sumali, maaari silang kumuha ng *entry forms* mula sa kanikanilang *Municipal Council for the Protection of Children (MCPC)* at sa *Provincial Planning and Development Office (PPDO), Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte. Ang *2011 Search for CFB* ay bukas sa lahat ng barangay sa lalawigan maliban sa mga nanalo na ng mga *major awards* sa tatlong(3) magkakasunod na taon at hinihinging magpataya/tasa para sa *Special Citation*.

Sa pamamagitan ng *Office of the Mayor*, kailangang isumite sa *MCPC* nang lahat na sasali ang mga pinunan nilang dokumento na nakalista sa *entry form* ng *Search for CFB*. Kwalipikado namang sumali sa *Hall of Fame Award* ang mga barangay na tatlong (3) magkakasunod na taong nakakuha ng una, ikalawa at ikatlong puwesto sa patimpalak. Kailangang magpadala sila sa *PSC* ng sulat na nagpapahayag ng kanilang intensyon sa paglahok na inendorso ng kanilang *MCPC*.

Sakop ng ebalwasyon ang mga katangi-tanging nagawa ng barangay simula Enero 2010-Disyembre 2010 maliban sa *Education Sector* na sasakop sa taong paaralang 2010-2011. Ang huling araw para sa pagtanggap ng aplikasyon ng *MCPC* ay sa Hulyo 31, 2011.

Tungkulin ng *MCPC* na repasuhin ang lahat na *entry forms* at dokumentong isinumite rito gamit ang *evaluation tool*. Magsasagawa rin ito ng pagbisita para mapatotohanan ang mga datos na isinumite ng mga barangay gayundin ang pagkalap ng mga karagdagang impormasyon na karaniwang hindi naisasama sa ulat. Ang resulta nito ay pag-usapan ng *MCPC* at saka pipili ng isang barangay bilang *municipal nominee*.

Ang kinalabasan ng ebalwasyon ng *MCPC* na pinatotohanan ng Punong Bayan ay kailangang isumite ng *MCPC Action Officer* sa *Provincial Committee* ng nabasing taunang patimpalak. Ang huling araw para sa pagsumite ng *municipal nominees* ay sa ika-31 ng Agosto 2011.

Isasagawa naman ng *Provincial Selection Committee (PSC)* simula Setyembre 1-30, 2011 ang pagrepaso sa lahat ng dokumento, *validation visits* at pag-interbyu sa mga pangunahing opisyal ng barangay at kanilang mga katuwang sa gawain. Kasunod nito, pag-uusapan ng komitiba ang resulta nito at saka pipili ng 5 nominado na ira-ranggo simula una, ikalawa, ikatlo, ika-apat at ika-limang puwesto.

Isusumite ng *PSC* ang pinal na resulta ng kanilang ebalwasyon sa Panlalawigang Gobernador na siyang magpapatunay rito at para sa pag-anunsyo ng mga nanalo. Ang paggawad ng mga parangal at papremyo sa mga nanalo ay isasagawa anumang araw sa buwan ng Oktubre ngayong taon.

Samantala, ang pamantayang gagamitin ng *PSC* sa mga mananlao ngayong taon ay ang *service delivery* na may katumbas na 85%, at *institution building* na may bigat na 15% o may kabuuang 100%. Ang *service delivery* ay nahahati sa *child health* na may bigat na 18%; *maternal health*-21%; *education*-24; *child protection*-11%; *child participation*-3%, at *family practices*-8%. Bibigyan naman ng bonus na 5 puntos ang kalahok na barangay na ang mga opisyal ay may katangi-tanging kaalaman at kakayahan ukol sa *child -friendly movement (CFM)*. Ang gagamitin naman nilang batayan sa pagtasa ay ang ebalwasyon ng mga dokumentong isinumite na may bigat na 30%, at ang *field validation* na may timbang na 70% o kabuuang 100%.

Patuloy na itinataguyod ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang taunang *search for CFB* sa layuning mahikayat ang lahat ng barangay sa 12 bayan ng lalawigan na aktibong makiisa sa pagpapatupad ng mga programa, proyekto at aktibidad na nagsusulong sa mga karapatan at pribilehiyo ng bawat kabataan sa lalawigan.

***LT IBASCO***

# Libreng lugaw ng CNPJ mabenta sa 'caravan'

Marami sa mga kapwa ko empleyado sa Pamahalaang Panlalawigan ang kinabahan sa humigit-kumulang na 2-oras na biyahe sakay ng mga bangka patungo sa Calaguas *Islands*, Vinzons. Napapasigaw rin ang karamihan sa tuwing humahampas ang mataas at naglalakihang alon sa bangka na tila tatabon dito at sa mga sakay nito. Ito ang naranasan namin sa pagpunta sa Calaguas *Islands* noong Mayo 12-14, 2011 kung saan idinaos ang APRUB KA EGAY, SERBISYO PUBLIKONG TUNAY *Provincial Multi-Services Caravan* na pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. Ngunit nang marating namin ang lugar, dagling nawala ang takot na una naming naramdaman dahil sa sariwang hangin, puti at pinong buhangin at malinaw na tubig-dagat.

Pagkatapos ng sandaling pahinga, ibinigay agad namin sa mga residente ng Brgy. Banocboc ang iba't-ibang serbisyong medikal gaya ng libreng tsek-ap, pagsuri ng dugo at pagbunot ng ngipin gayundin ang pamamahagi ng libreng gamot at bitamina. Ang mga benepisyaryo rito ay hinandugan din ng libreng gupit, libreng pag-*hot* oil at pagtina sa buhok.

Upang magkaroon sila ng alternatibong mapagkakakitaan, tinuruan sila ng pagluluto ng mga pagkain na isda ang pangunahing sangkap.



***Ang mga kawani ng PCSSD, sa pamumuno ni OIC-Warden Rey Pajarillo, habang inihahanda ang masarap na lugaw na ipamamahagi sa Brgy. Banocboc, Vinzons.***

Binigyan din sila rito ng mga pantanim na punungkahoy, pantanim na butong gulay at semilya ng namumungang mga puno, at marami pang iba.

Humigit-kumulang sa 300 mga residente ng Brgy. Banocboc ang nakatikim ng napakasarap at masustansyang Lugaw ni Warden maliban pa sa mga opisyal ng barangay at mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan. Ang inisyatibong ito ng aming tanggapan, ang *Provincial Custodial Security Services Division-Office of the Governor (PCSSD-G.O)*, ay patuloy na sinusuportahan ni Gob. Tallado.

Kinabukasan naman, naging abala ang buong *PCSSD team* sa paglipat sa Brgy. Mangcawayan, bahagi pa rin ng Calaguas *Islands*, kung saan matatagpuan ang malaparaisong *resort* na tinaguriang Mahabang Buhangin.

Sa idinaos na *caravan* dito, humigit-kumulang sa 500 residente mula sa mga Sitio ng Pinagtigasan at Mangcawayan na karamihan ay mga bata ang nabigyan ng libreng lugaw. Maliban dito, ibinigay rin sa kanila ang mga serbisyong una nang ipinagkaloob sa *caravan* sa Brgy. Mangcawayan para sa mga residente nito at sa mga karatig-barangay man.

Dito nagpasiyang magpalipas ng magdamag ang aming grupo kasama si Gob. Tallado, matapos ang maghapong pagbibigay ng serbisyo-publiko sa ating mga kababayan. Nasulit ang pagod namin dahil sa masaganang hapunan na inihandog ni PB Jose T. Segundo ng Brgy. Sabang na dating nahalal bilang isa sa mga bokal ng *Bicol speaking district* at dati na ring naging punongbayan ng *Vinzons*. Mas nalubos ang aming kasiyahan dahil nagkaroon ng konting kasiyahan kung saan nagpaunlak ng ilang awitin si Gob. Tallado na nakisayaw rin sa amin.

Naging matagumpay ang nasabing *caravan* dahil sa pagkakaisa

*(Sundan sa pahina 7)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 300 kabataan napasaya...

(Continued from page 8)

kanilang ina o ama kaya 600 ang naging kabuuang benepisyaryo nito.

Sa programang isinagawa kaugnay ng *caravan*, nagkaroon ng *cultural presentation* ang grupo ng mga kabataan at magulang mula sa Basud, Daet at Mercedes. Ito ay sinundan ng magkakasabay na serbisyong medikal at dental, *children's activities*, at *parents' activities* na salit-salitang isinagawa para sa mga taga- Basud, Daet at Mercedes. Maliban sa libreng pananghalian, tumanggap din sila ng mga munting regalo.

Ang mga benepisyaryo ay tumanggap ng libreng tsek-ap na pangmedikal at dental, libreng gamot kung may reseta, at libreng bunot ng ngipin para lamang sa mga kabataan. Nagbigay rito ng boluntaryong serbisyong-medikal ang *Philippine Medical Society-Camarines Norte Chapter* sa pangunguna ng kanilang presidente na si *Dr.* Ramon Echano. Ang mga dentista naman mula sa *Department of Education (DepEd)* ang nagbigay ng libreng pagbunot ng ngipin.

Pinangasiwaan naman ng ilang boluntaryo ang *children's activities* na tinampukan ng 5 uri laro ng lahi kung saan mayroong 20 manlalaro sa bawat paligsahan na may tig-10 manlalaro bawat grupo. Ang mga papremyo ay ipinagkaloob pagkatapos ng bawat paligsahan. Una rito, ipinapanood ang mailing pelikula ukol sa *Convention on the Rights of the Child (CRC)* na sinundan ng pagtalaky sa mahahalagang nilalaman nito lalo na ang mga karapatan ng mga kabataan at ang kanilang responsibilidad nakaakibat nito.

Isinagawa sa *parents' activities* ang pagpapalabas ng panooring *Family Myths* na nakasentro sa mali/kathang paniniwalang pampamilya at pagiging responsableng mga magulang. Pagkatapos nito, nagkaroon din ng maikling pagtalakay na pinamahalaan ng ilang boluntaryo gayundin ang 5 *parlor games* kung saan binigyan din ng premyo ang mga nanalong grupo. Inaasahan na sa pamamagitan nito, mas magiging responsable na ang mga magulang sa pagpapalaki at paghubog sa kanilang mga anak para maging mga produktibong miyembro ng pamayanan.

Maliban sa mga nabanggit, naglagay rin dito ng isang *legal desk* kung saan ilang kabataan at magulang ang nabigyan ng libreng payong-ligal ng mga abogadong nagbigay ng kanialng libreng serbisyo para sa mga kabataan at/o magulang na naging biktima ng iba't-ibang uri ng karahasan at pang-aabuso. Tumanggap din sila ng libreng gupit ng buhok, at *face painting*, at sampol na produktong gatas mula sa *Wyeth* na naglagay ng *product sampling booth*.

Ang naturang *children's caravan* ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*. Ito ay aktibong sinuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado gayundin ang mga kahalintulad na programa at gawain na nagsusulong para matamasa ng mga kabataan dito ang kanilang mga karapatan at mga pribilehiyo. ***LT IBASCO***

# 4-H Cam. Norte...

(Mula sa pahina 2)

diin sa *Agri-Pinoy Framework for Self-Sufficiency and Sustainable Agricultural Development* na pinangasiwaan ng mga piling tagapagsalita mula sa *University of Immaculate Concep*cion ng Davao *City*, *Agricultural Training Institute* at *Rogatonist Academy*, Davao.

Sa nasabing mga patimpalak, ang unang puwesto para sa kategoryang *Handicraft-Rice Based* ay napanalunan ni Brenda Almaida ng Brgy. Talobatib, Labo. Naiuwi naman ni Ariel Taniegra ng Brgy. Calabagas, San Vicente ang ika-apat na pwesto sa kategoryang *Livestock Cooking-Chevon*, at ang panlimang puwesto sa *Singing Contest* ay nakuha naman ni Wilma dela Punta ng Brgy. Bibirao, Daet.

Inaasahan na sa pamamagitan ng taunang kombensyon, mas marami pang mga kabataan ang mahihikayat at mabibigyan ng pagkakataon na lumahok sa *4-H Club*. Inaasahan din dito na malinang ang kanilang mga potensyal at talento bilang mga susunod na lider ng bansa at magabayan sila sa angkop na paggamit ng mahahalagang bahagi ng katawan na mahalaga para makamit ang malusog na pamumuhay at kaunlaran na sinisimbolo ng ***4H*** na ang kahulugan ay ***H**-eart*, ***H**-ead*, ***H**-ands* at ***H**-ealth*.

# Showcase of Talents ...

(Continued from page 5)

natutunan nilang mga estilo sa pag-arte. Ang mga nanood dito ay naaliw din sa ilang awiting tinugtog ng may 135 kabataang nagsanay sa pagtugtog ng gitara, at 33 kalahok na nag-aral sa pagtugtog ng plawta *(flute)*.

Ang unang bahagi ng programa nito ay ang *invocation (doxology)* na *Come and Worship* ay pinangunahan ng mga lumahok sa *flute workshop* kasama si Carmina de Alva na sumali sa *theater arts workshop (TAW)*. Sinundan ito ng pag-awit ng Lupang Hinirang at Himno Camarines Norte na pinamunuan ng isang kalahok sa *TAW*, at ni Aila B. Agnabo mula sa *MASCD-G.O.*, ayon sa pagkakasunod. Ibinigay naman dito ni *Admin. Officer* I Aida B. Pandeagua ng *MASCD-G.O.* ang *welcome remarks*.

Kabilang sa mga tampok na aktibidad nito ang pang-aliw na bilang *(intermission number)* na tinawag na *Party Like its 2012* na ibinigay ng *various artists*. Isinagawa rin dito ang *showcase proper* na kinabibilangan ng Estudyante Blues *(Front Act)*; Polkabal at Española. Tinugtog ng unang grupo ng mga gitarista ang mga awiting gaya ng *Love Story* (Tropang Rakista); *Love the Way You Lie* (Clara10); *Fearless* (X Keights); *Telephone (G.B. Acoustic Band)*; *Marry You (Marshmallow)*, at *Pyramid (Twitter Guitarista Band)*. Ang ikalawang grupo naman ng mga gitarista ay tinugtog ang mga awiting *Fireworks* mula sa kanilang grupo na tinawag na Istipiduk *Band*; *Teenage Dream (Sweet Corn)*; *Billionaire (Watta Topz)*; *Price Tag (Ultimate Rockstar)*, at *Just the Way You Are (Beat of Angels)*.

Naipahayag din ng mga kabataan ang kanilang impresyon sa ilang bagay na ginawa o pinagdaanan nila kaugnay ng mga aktibidad sa nabanggit na *summer workshop* katulad ng Lapay Bantigue, isang katutubong sayaw. Ang BALOT: Ang Bagong *Version* ay: Konan, Unos *Small World*, Sana Kabataan Para sa Musika

Ang lahat na kalahok ay pinagkalooban ng kaukulang mga katibayan ng paglahok. Binigyan naman ng katibayan ng merito/kagalingan ang mga tumulong sa pangangasiwa ng mga gawain kaugnay ng mga isinagawang palihan *(workshop)* gaya ng mga sumusunod: Guitar - Eric Soriano at Van Damme Lo Pajares; Flute - Rudy T. Rayos III at Djethrey N. Galvez; *Theater Arts* - Rolando Torralba Jr., Joanna Valencia at Michelle Ann Villanueva; *Charcoal Painting* - Harlem J. Barilea, Joseph J. Rosales at Wilson D. Juego; *Folkdance* - Ronalyn R. Roldan at Jeffrey Q. Buensalida, at ang *Acrylic and Oil Painting* - Ruel S. Santelices, Harlem J. Barilea at Ryan P. Morales.

Natapos ang programa sa pamamagitan ng *closing remarks* ni *Admin. Aide III* Andrew L. Necio ng *MASCD-G.O.* habang ang daloy ng nasabing programa ay pinangasiwaan ng kanilang hepe na si *Museum Curator I* Abel C. Icatlo. ***AIDA B. PANDEAGUA/lt ibasco***

# Mga bagong...

(Mula sa pahina 8)

Nais ding ipaalam ng pamunuan ng *CNPGCEAP* na ang mga estudyante na papasok ngayong taon sa ikalawa, ikatlo, ika-apat o ika-limang taon sa kolehiyo ay pwedeng mapabilang sa programa sakaling makapasa sila sa mga pamantayan na ipinatutupad ukol dito. Isusumite nila ang aplikasyon sa *Community Affairs Office, 2nd floor, Provincial Capitol Building* kalakip ang mga sumusunod: *application letter addressed to the Governor*; tig-isang kopya ng *original* at *machine copies* ng *certification of grades (COG)*, at *BIR Income Tax Return* na nakasaad na hindi lalagpas sa P120,000.00 ang kita ng magulang o tagapangalaga ng aplikante; *certificate of good moral character* mula sa pinapasukang kolehiyo, at sertipikasyon mula sa barangay na nagsasabing ang aplikante ay residente nito, hindi nasangkot sa gulo at walang anumang kaso at/o hindi nakasuhan, at mahirap lang ang pamilya (para sa mga aplikante na ang mga magulang ay walang permanenteng trabaho at hindi nagdedeklara ng taunang kita), 2 kopya ng kasalukuyang litrato na may sukat na 1' x 1', at 1 mahabang *folder* na may kasamang *fastener*. **LT IBASCO**

# Libreng lugaw...

(Mula sa pahina 6)

ng mga mamamayan at mga pamahalaang lokal ng *Calaguas Islands*, bayan ng Vinzons at ng pamahalaang panlalawigan.

Ang sumunod na *multi- services caravan* ay idinaos noong Mayo 19, 2011 sa Talisay *Sports Complex* sa Brgy. Poblacion, Talisay. Ito ay pinangunahan nina Gob. Tallado at kanyang maybahay na si Gng. Josie Baning-Tallado.

Katulad ng dati, masigasig pa ring nakapaglingkod ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan kasama ang mga lokal na opisyal ng Talisay.

Naging mabenta ang libreng lugaw ni Warden Renaldo N. Pajarillo na dinumog ng halos 500 katao maliban pa sa mga opisyal ng barangay at munisipyo, *media group*, *Philippine Army (PA)* at mga empleyado ng *Provincial Capitol*.

Maliban sa nasabing *feeding program*, ang grupo nina Gob. at Gng. Tallado ay naghatid din sa ating mga kababayan ng iba't-ibang serbisyo-publikong ipinagkaloob din sa mga nauna nang benepisyaryo ng *caravan*. ***ARIES N. BALBAS***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Mga bagong iskolar ng kapitolyo sumailalim sa CNPGCEAP orientation









***Ang Oryentasyon sa mga bagong CNPGCEAP grantees habang nakikinig sa mensahe ni Gob. Egay Tallado ukol sa programang ito ng pamahalaang panlalawigan. Nagbigay rin ng kani-kanilang mensahe sina CAO IV Purita P. Briñas at Admin. Asst. II Marcial P. Ferrer ng Community Affairs Office na siyang namamahala sa CNPGCEAP.***

Ang *essay writing/interview* na ikalawang bahagi ng *competitive and qualifying examination* ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program* (dating *PGSP*) ay isasagawa sa Miyerkules, Mayo 18, 2011 sa ganap na ika-8 n.u. sa *Camarines Norte Provincial Library* at *Audio-Visual Room, 3rd floor Provincial Capitol Annex*.

Ito ay para sa may 390 aplikante na papasok pa lamang sa unang taon sa kolehiyo, at sumailalim sa *written examination* noong Miyerkules, Mayo 11, sa dalawang nabanggit na lugar. Mahigpit na pinaaalalahanan ang mga kinauukulan na dumating sa nasabing petsa, oras at lugar sapagkat ang hindi nila pagdating ay ipakakahulugan na hindi sila interesado sa programa, at ang karapatan nilang maging benepisyaryo nito ay ipinauubaya na nila sa iba.

Base sa talaan, sa may 390 aplikante, 37 ay mula sa bayan ng Basud; Capalonga-14; Daet-84; Jose Panganiban-12; Labo-92; Mercedes-9; Paracale-34; San Lorenzo Ruiz-9; San Vicente-8; Sta. Elena-23; Talisay-28, at Vinzons-40.

Sa ilalim ng kasalukuyang programa, 360 lamang ang mga iskolar na kukunin na papasok pa lamang sa unang taon sa kolehiyo ngunit may posibilidad na lahat sila ay mapabilang sa programa dahil kokonti pa lamang ang bilang ng mga nag-aaplay na papasok na sa ikalawa, ikatlo, ika-apat o ikalimang taon sa kolehiyo ngayong pasukan.

Ang may 43 *valedictorians* at *salutatorians* na awtomatikong iskolar ng *CNPGCEAP* ay kasama rin sa mga bibigyan ng *essay writing/interview* nang sa gayon ay makuha ang kanilang mga pananaw o opinyon ukol sa mga lokal, pambansa o pandaigdigang sitwasyon man.

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# 300 kabataan napasaya ng Children's Caravan ng ABS-CBN Bantay-Bata 163 sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan






Umabot sa 300 kabataan ang naging benepisyaryo ng Bantay-Bata 163 *Children's Caravan* ng ABS-CBN na ginanap noong Mayo 13 sa *Camarines Norte Agro-sports Center*. Ito ay isinagawa kasabay ng *Children's Caravan* na isinagawa ng ABS-CBN Bantay Bata (BB) 163 sa iba't-ibang panig ng bansa.

Ang may tig-100 kabataan mula sa mga bayan ng Basud, Daet at Mercedes na may edad 7 -15 taon ay kabilang sa listahang isinumite ng mga kinauukulang *municipal social welfare development officers (MSWDOs)* sa *BB 163* batay sa pamantayan ng naturang *non-government organization (NGO)*. Kasamang dumalo ng mga kabataan sa naturang aktibidad ang kani-

(Sundan sa pahina 7)

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com